

**\*Call for Contributions (Akda, Saliksik, Likhang-Sining, Salin At Iba Pa)\* *Panata sa Kalayaan (Isang Martial Law@50 Book Project; EXTENDED DEADLINE: 17 July 2022)***

*Pasintabi kay Ka Amado V. Hernandez (halaw sa kanyang pamosong tula ang tentatibong pamagat). Antolohiya ito ng mga akdang pampanitikan at iba pang materyal-panturo **PARA SA PAGTATAGUYOD NG KARAPATANG PANTAO** (human rights), **KALAYAANG SIBIL** (civil rights), & **DEMOKRASYA** (saklaw ang pangarap na lipunang mapagmalasakit at mapagkalinga; pagtataguyod ng makabuluhang repormang sosyo-ekonomiko atbp.), **AT/O LABAN SA DIKTADURA NOON HANGGANG NGAYON** (saklaw ang rekord ng pandarambong, kroniyismo, katiwalian/korapsyon, maluhong pamumuhay habang naghihirap ang bayan, paglabag sa karapatang pantao, palpak/mga pahirap-sa-masang patakarang ekonomiko, pagpapalayas sa mga katutubo sa lupang ninuno, desaparecidos, EJKs, tokhang, masaker, pagbuwag sa mga piket/protesta/rali, pagsusunud-sunuran sa mga makapangyarihang bansa, Labor Export Policy, pribatisasyon, deregulasyon, liberalisasyon, pangangamkam sa lupa ng magsasaka o katutubo, pagbebenta sa soberenya ng Pilipinas, development aggression atbp.).*

***Munting ambag ito ng Tanggol Wika sa komemorasyon ng ika-50 taon ng deklarasyon ng Batas Militar sa Pilipinas, at para sa pangkalahatang pagsisikhay na makabuo ng mga libre at makabuluhang materyal-panturo sa Panitikan at mga kaugnay na larangan.***

***Hinihikayat ang lahat na ipalaganap sa kani-kanilang mga paaralan, komunidad, organisasyon, at network ang call for contributions na ito. Maraming salamat po!***

***Mekaniks ng Call for Contributions:***

1. Bukas sa lahat ng mga makata, mananaysay, kwentista, mandudula & iba pang manunulat, manlilikha, dibuhista, mananaliksik, at tagasalin ang panawagang ito.
2. Narito ang ilan sa mga maaaring isumite:
  - Pormal na Sanaysay/Saliksik (naka-angkla sa tema; hindi lalagpas sa 7,000 salita kasama na ang mga sanggunian; naka-angkla sa tema; APA ang citation style; prayoridad ang tungkol sa mga akdang pampanitikang kontra-diktadura at/o pro-demokrasya, pelikulang kontra-diktadura at/o pro-demokrasya, kritikal na pagsusuri sa nilalaman at/o pagtalakay ng mga teksbuk at iba pang sanggunian sa Batas Militar, kritikal na pagsusuri sa mga curriculum guide na pumapaksa o sumasaklaw sa tema ng antolohiya, teorya at praktika ng Content-Based Instruction, pagbasa/g sa mga mito kaugnay ng Batas Militar at masamang rekord ng diktadura, paglalantad sa matinding kahirapan at/o bansot na ekonomiya sa panahon ng diktadura, pagsipat sa mga pahirap-sa-masang patakarang neoliberal na sinimulan ng diktadurang Marcos at ipinagpatuloy ng mga sumunod na administrasyong post-EDSA, pag-iimbentaryo at/o annotated bibliography ng mga akdang pampanitikang kontra-

**\*Call for Contributions (Akda, Saliksik, Likhang-Sining, Salin At Iba Pa)\* *Panata sa Kalayaan (Isang Martial Law@50 Book Project; EXTENDED DEADLINE: 17 July 2022)***

diktadura at/o pro-demokrasya, pagsipat sa mga desisyon ng Korte Suprema sa pandarambong ng diktador at/o mga kroni nito, koneksyon ng mga dinastiyang politikal at oligarchs na kasapakat ng diktadura; mga makabuluhang repormang sosyo-ekonomiko na dapat isabalikat para umunlad ang bansa at ang mga mamamayan at nang hindi na pangarapin pa ng mayorya ang pagbabalik ng diktadura na inaakalang nagpapaunlad sa buhay pero hindi naman sa aktwal...)

- **English essays/papers/researches (also anchored on the call's themes) are also welcome.**
- Rebyu/pagsusuri ng pelikula, dula, tv series at iba pang kahawig na materyal (naka-angkla sa tema; maaaring lokal o internasyonal na palabas ang paksa; hindi lalagpas ng 5,000 salita, kasama na ang mga sanggunian; APA ang citation style)
- Rebyu/pagsusuri ng nobela (naka-angkla sa tema; maaaring lokal o internasyonal na nobela; hindi lalagpas sa 5,000 salita, kasama na ang mga sanggunian; APA ang citation style)
- Salin ng tula, dagli, maikling kwento, o sanaysay sa Filipino (ang isinalin sa Filipino ay dapat naka-angkla sa tema, at nailathala na dapat ang orihinal na pinagbatayan ng salin; may tapatang table ng orihinal sa kaliwa at salin sa kanan; may maikling pagpapakilala sa may-akda ng isinalin at sa isinalin na hindi lalagpas ng 300 salita; ilakip sa dulo ng salin ang kompletong impormasyon sa pinagkunan ng orihinal na pinagbatayan ng salin – yaong aklat o website etc.)Dagli (naka-angkla sa tema; hanggang 3 dagli lamang kada indibidwal)
- Kwentong pambata (naka-angkla sa tema; akma sa pang-unawa ng tipikal na batang Pilipino; hanggang 2 kwentong pambata lamang kada indibidwal)
- Maikling kwento (naka-angkla sa tema; hanggang 1 maikling kwento lamang kada indibidwal)
- Personal na Sanaysay (hindi lalagpas sa 5,000 salita; naka-angkla sa tema; prayoridad ang mga sanaysay na tumatalakay sa mga kaugnay na karanasan o kaya'y nakabatay sa mga kwento at/o danas ng mga may kaugnay na karanasan)
- Interbyu (hindi lalagpas sa 5,000 salita; naka-angkla sa tema; prayoridad ang mga tungkol sa karanasan ng mga biktima ng Batas Militar at/o mga paglabag sa karapatang pantao sa Pilipinas; APA ang citation style; sa halip na mala-sanaysay na interbyu ay pwede ring transcript ng interview)
- Salaysay/narrative account ng mga pangyayari sa panahon ng diktadura o kaya'y mga pangyayari sa mga sumunod na administrasyon na nagpapakita

**\*Call for Contributions (Akda, Saliksik, Likhang-Sining, Salin At Iba Pa)\* *Panata sa Kalayaan (Isang Martial Law@50 Book Project; EXTENDED DEADLINE: 17 July 2022)***

na may mga tirano/diktador pa rin ngayon (mas mainam kung sariling karanasan o kaya'y batay sa interbyu sa isang aktwal na nakaranas ng isinasalaysay)

- Parodiya (bagong lyrics para sa isang popular na awitin; ilakip ang sample ng pag-awit para patunayang "singable" ito; naka-angkla dapat sa tema)
- Lyrics ng orihinal na awitin (naka-angkla dapat sa tema; sariling likha ng may-akda; may link dapat sa aktwal na pag-awit o kaya'y audio file ng awit na lib्रेng mapapanood o mapapakinggan online)
- Maikling dula (naka-angkla sa tema; prayoridad yaong madaling magagamit sa pagtuturo at/o madaling maisasagawa sa klasrum o sa pampaaralang teatro)
- Panitikang epistolaryo (hindi lalagpas ng 1,500 salita; naka-angkla sa tema)
- Talambuhay (hindi lalagpas ng 7,000 salita; prayoridad yaong mga nakibaka laban sa diktadurang Marcos at wala pang nakalathalang talambuhay sa mga aklat o sa mga tipikal na kaugnay na database gaya ng sa Bantayog ng Mga Bayani; prayoridad din yaong mga lingkod-bayan, lider-masa, at maging mga simpleng mamamayan na patuloy na nakikibaka para sa demokrasya at makabuluhang pagbabagong panlipunan sa ilalim ng mga administrasyong post-EDSA; lakipan ng larawan ng paksa ng talambuhay, kung mayroon)
- Maikling comics strip (naka-angkla sa tema; malinaw na digital file)
- Editorial cartoon (naka-angkla sa tema; malinaw na digital file)
- Malinaw na larawan na may pamagat at caption (naka-angkla sa tema; sariling kuha ang larawan; may petsa kung kailan at saan kinunan; di lalagpas ng 300 salita ang caption)
- Digital artwork na may pamagat at caption (naka-angkla sa tema; sariling likha ang artwork; may petsa kung kailan at saan nilikha; di lalagpas ng 300 salita ang caption)
- Buod ng pelikula (naka-angkla sa tema ang pelikula; may link kung saan mapapanood nang libre ang pelikula kung mayroon man o kaya'y kompletong impormasyon hinggil sa pamagat, direktor, script writer, at taon ng release)
- Buod ng nobela (naka-angkla sa tema ang nobela; may link kung saan mababasa nang libre ang nobela, o kaya'y link kung saan ito maaaring mabili, o kaya'y kompletong impormasyon hinggil sa pamagat, awtor, at taon ng publikasyon)
- Manipesto, resolusyon at iba pang makasaysayang dokumento kaugnay ng Batas Militar at ng mga pakikibaka ng sambayanan laban sa diktadura (**halos awtomatikong magiging bahagi ng antolohiya ang mga ganitong makasaysayang dokumento, nang walang pag-eedit at subject to formatting consistency lamang**)

**\*Call for Contributions (Akda, Saliksik, Likhang-Sining, Salin At Iba Pa)\* *Panata sa Kalayaan (Isang Martial Law@50 Book Project; EXTENDED DEADLINE: 17 July 2022)***

- Iba pang genre na naka-angkla rin sa tema
3. Pangkalahatang pamantayan sa pagsusumite at pagpili:
- Sumusunod sa mga ispesipikong kahingian ng mga nabanggit na genre
  - Na-proofread na ng may-akda/tagasalin; halos ready-to-publish na (makinis at narebisa na at hindi unang borador)
  - Orihinal na likha at hindi pa nailalathala sa alinmang publikasyon, aklat, magazine, dyaryo man o journal (pwede naman ang mga nailathala sa Facebook wall, Twitter, o personal website ng may-akda o tagasalin; pwede rin ang papel na binasa sa mga kumperensya liban kung nailathala na sa conference proceedings; maaaring ikonsidera ang muling paglalathala ng materyal na nalathala na sa iba pang publikasyon, aklat, magazine, dyaryo, o journal kung may permiso ng editor ng alinman sa mga iyon at hindi maniningil ng kabayaran ang mga nasabing publikasyon).
  - Hindi pwede ang akda o salin na kasalukuyang nakasalang sa peer review sa iba pang publikasyon, current book projects, literary competitions (liban kung walang pagbabawal ang tuntunin ng nasabing kompetisyon) atbp.
  - Masining ang pagkakasulat; makabuluhan ang nilalaman, naka-angkla sa tema, at magagamit na materyal-panturo (bilang lunsaran/springboard ng talakayan sa klase, bilang supplementary material o karagdagang babasahin, o pangunahing teksto man sa mga ispesipikong aralin)
4. Format ng pagsusumite:
- Word file, single-spaced, Arial 12, 1 inch margin sa lahat ng gilid; maglagay ng maikling bionote sa huling pahina ng isusumiteng file (hindi lalagpas ng 300 salita ang bionote kasama na ang email address at institutional, school, o organizational affiliation ng may-akda/tagasalin)
  - Ilagay rin sa dulo ng file ang impormasyon hinggil sa pedagogikal na potensyal nito (kung saang lebel ito pwedeng magamit na materyal-panturo: elementary, junior high school, senior high school, college, graduate studies etc.; maglagay ng specific level at subject, hangga't maaari; kaugnay nito ay makabubuting sipatin din muna ang Curriculum Guide para sa [Filipino](#) at [Agham Panlipunan](#) sa K to 12, [Most Essential Learning Competencies/MELCS sa Filipino at Agham Panlipunan](#), gayundin [ang mga silabus para sa Filipino at Panitikan na inilabas ng Tanggol Wika](#), at mga silabus na inilabas naman ng CHED lalo na yaong sa [Readings in Philippine History](#), at [The Contemporary World](#))
  - Ang file name ay Genre.Pangalan ng May-akda.Pamagat o Bahagi ng Pamagat (halimbawa: Tula.LuzDimagiba.AngMgaNawawala)

**\*Call for Contributions (Akda, Saliksik, Likhang-Sining, Salin At Iba Pa)\* *Panata sa Kalayaan (Isang Martial Law@50 Book Project; EXTENDED DEADLINE: 17 July 2022)***

- I-email ang file sa: [makabayangedukasyon@gmail.com](mailto:makabayangedukasyon@gmail.com) (Subject: **Panata sa Kalayaan**)
5. **EXTENDED DEADLINE** ng pagsusumite: July 17, 2022 (SUNDAY)
  6. **Kapag napili ng mga editor ang akda o salin, awtomatikong tinatanggap ng may-akda o tagasalin ang mga sumusunod na kondisyon:**
    - Ilalathala ang akda, larawan, artwork, o salin sa isang e-book na ikukuha ng ISBN at magiging available for free download sa website ng Tanggol Wika, ngayong **Agosto 2022**.
    - Kapag nakakalap ng pondo, maaaring mag-impenta ng printed book version na may bukod na ISBN din (libreng ipamamahagi o kaya'y ibebenta sa halaga ng printing cost lamang; sa alinman sa sitwasyong ito, may libreng 1 kopya ang kontribyutor)
    - Dahil libreng ipamamahagi ang e-book, **walang anumang kabayaranang matatanggap** ang mga kontribyutor.
    - Nasa may-akda/tagasalin pa rin ang karapatan sa kanilang isinumiteng kontribusyon kaya anumang oras na nais nila itong muling ilathala saanman ay pwedeng-pwede, basta't may pagbanggit/acknowledgement na sa aklat na ***Panata sa Kalayaan*** ito unang nalathala.

**Mga Editor:**

David Michael M. San Juan (De La Salle University)

Joel Costa Malabanan (Philippine Normal University)

Jonathan Vergara Geronimo (University of Santo Tomas)

Marvin G. Lai (Polytechnic University of the Philippines)

Rommel B. Rodriguez (University of the Philippines Diliman)

Rowell D. Madula (De La Salle University)

***Unang inilabas ang call for contributions na ito sa [www.tanggolwika.org/bookproject](http://www.tanggolwika.org/bookproject). Pana-panahong bisitahin ang nasabing link para sa regular na update hinggil sa proyekto.***